



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA- 8 NA DI-PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11
SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 16 NG NOBYEMBRE, 2022 SA BULWAGANG
HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindiyrelle D. Carpio	Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Jose Antonio V. Lava	Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Aron Ronald R. Cruz	Igg. Richie E. San Jose
Igg. Marbin J. Garcia	Igg. Michael M. Ramos (ABC)
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario	Igg. Miguel Leonardo (SK)

LAHAT AY DUMALO

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 70 - 2022

KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGSANG-AYON SA PAGPAPATIBAY SA
KAUTUSANG BARANGAY BLG. 2022-001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG
BAGUMBAYAN NA MAY TITULONG "KAUTUSANG LUMILIKHA NG BARANGAY
MANAGEMENT INFORMATION SYSTEM (BAMIS) SA BARANGAY BAGUMBAYAN,
BAYAN NG BULAKAN"

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges, Accreditation
and Accountability, Legal Matters

Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Richie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindiyrelle D. Carpio, Igg. Marbin J. Garcia

Lupon ng Usaping Pambarangay

Tagapangulo: Igg. Michael M. Ramos, Ka-Tagapangulo: Igg. Aubrhie Cindiyrelle D. Carpio
Miyembro: Igg. Jose Antonio V. Lava, Igg. Bienvenido M. Cruz Jr., Igg. Miguel Leonardo

SAPAGKAT, ang Sangguniang Barangay ng Bagumbayan ay nagpatibay ng Kautusang
Barangay Blg. 2022-001 at itinukoy sa Unang Pagbasa sa Lupon ng Alituntunin, Batas at Etika
at Lupon ng Usaping Pambarangay para sa pag-aaral at pagbibigay ng kaukulang
rekomendasyon;

SAPAGKAT, isa sa kapangyarihan ng Sangguniang Bayan na itinakda ng Batas ng
Pamahalaang Lokal ng 1991 ay ang sumuri (review) sa lahat ng mga kautusan/ordinansang
pinagtibay ng Sangguniang Barangay upang alamin kung ang mga ito ay nakapaloob sa mga
itinakdang kapangyarihan ng Sanggunian;

SAPAGKAT, base sa isinagawang pagpupulong noong ika-20 ng Oktubre 2022 na
dinaluhan ng mga kawani mula Barangay Bagumbayan at ng Lupon, napag-alaman na ang
nasabing kautusan ay naaayon sa batas at inaayunan ng lupon itinukoy;

SAPAGKAT, batay sa Memorandum Circular Order No. 2020-17, "Guidelines in the establishment of Barangay Profile System (BFP) module under the Barangay Information System", nais ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na ayusin at gawing sentralisado ang mga proseso at dokumento sa tanggapan ng Barangay Bagumbayan na magbibigay ng kalidad na impormasyon, maayos na talaan at mabilis na pagtugon sa serbisyo publiko;

SAPAGKAT, hangad ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na magkaroon ng isang maayos na sistema ng pagtatala ng mga datos at dokumento na tutugunan una, ng pagpapalawig at pagpapadali ng internal at eksternal na proseso ng barangay, at pangalawa, tutugunan na makapagbigay ng wastong datos na siyang maaring magamit ng barangay sa pagpapalano, pag-implementa at pag-monitor ng mga gawain, proyekto at ibang mahahalagang impormasyon na mula sa nasyonal, probinsyal o lokal na pamahalaan;

SAPAGKAT, nais ng Barangay Bagumbayan na pagsama-samahin ang mga impormasyon, datos at proseso ng tanggapan ng barangay sa pamamagitan ng Barangay Management Information System o BAMIS na magbibigay ng:


1. Sistematikong pagpapatakbo ng barangay
2. Madaling pag-aalaga at pag hango ng mga datos sa isang centralized data base
3. Madaling pag-monitor ng mga gawain, plano, proyekto at kaso sa barangay
4. Mas pinabilis at maayos na pagbibigay ng mga permit at clearance sa barangay
5. Mas pinabilis na pag-balangkas ng aksyon gamit ang digital data base
6. Mas pinabilis at pinadaling pag-uulat na maaring gamitin ng lokal, probinsyal at nasyonal na pamahalaan

SA MUNGKAHI, ni Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

IPINASIYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Pagpapatibay Sa Kautusang Barangay Blg. 2022-001 Ng Sangguniang Barangay Ng Bagumbayan Na May Titulong "Kautusang Lumilikha Ng Barangay Management Information System (Bamis) Sa Barangay Bagumbayan, Bayan Ng Bulakan"


PINAGTIBAY.

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.


JEFF C. TANSINSIN


Kalihim ng Sangguniang Bayan


PAGPAPATUNAY:



Atty. REINA RICAC. SANCHEZ

Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

PINAGTIBAY:


AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad


ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad


CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad


Atty. ANA MARIE V. BAGSIBIGAN
Kagawad



MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-SK)


JOSE ANTONIO Y. LAVA
Kagawad


MARBIN J. GARCIA
Kagawad


BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad


RCHIE E. SAN JOSE
Kagawad


MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:


VERGEL C. MENESES
Pinong Bayan
12-19-27

